THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

# PULIS SERBIS BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No. 09 * Pebrero 26 - Marso 4, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# CPNP DUMALO SA 40TH ASEANAPOL CONFERENCE SA CAMBODIA

sundan sa pahina 3






## PUBLIC ANNOUNCEMENT!

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

**Alert Levels System for COVID-19**

**NCR**

**Alert Level 1**

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## Php6.8-M halaga ng shabu nakumpiska sa PNP buy-bust, 4 suspek arestado

sundan sa pahina 8

## Most wanted person ng Region 12 arestado

sundan sa pahina 10

## Php800K halaga ng shabu nakumpiska sa buy-bust sa Cebu City

sundan sa pahina 11



## PULISYAPEDIA

**Ano ang Indeterminate Sentence Law?**

Ang Republic Act No. 4103 o ang Indeterminate Sentence Law ay isang batas na nagtatakda ng mga alituntunin sa pagtakda ng parusang pagkakakulong ng isang tao at ng panahon kung kailan ito maaaring mag-apply ng parole. Applicable ito sa mga krimen sa Revised Penal Code (RPC) at iba pang special penal laws. Sa Indeterminate Sentence Law, ang mga parusa ay nahahati sa dalawang periods: maximum at minimum. Ang maximum period ay ang nararapat na penalty ayon sa RPC o sa special law depende sa sitwasyon at sa katayuan ng biktima o ng kriminal. Ang minimum period naman ay ang penalty na mas mababa ng isang degree sa imposable penalty. Ito ang minimum na panahon ng pagkakakulong ng convicted na indibidwal upang maging eligible ito sa parole na maaaring ibigay ng Pangulo sa kanya.

**JOINT TASK FORCE CV SHIELD**
COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495
SMART
09988490013
LANDLINE
(02)87253176
E-MAIL
ncovmonitoring@gmail.com

HOTLINE NUMBERS

#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

@pnp.pio @pnppio @pnp_pio PNP PIO www.pnp.gov.ph

## E - SUMBONG

*e - SUMBONG SMS Hotline*
SMART : 0919 1601 752
GLOBE : 0917 8475 757

Email :
e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page :
facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal :
https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# Bagong Regional Director ng Police Regional Office II itinalaga




**Camp Quintin Merecido, Buhangin, Davao City - Isinagawa ng Police Regional Office (PRO) 11 ang turn-over of command activity sa PRO 11 Bagani Hall para sa Outgoing Regional Director na si PBGen Filmore Escobal at Incoming Regional Director PRO 11 PBGen Benjamin Silo Jr. sa Camp Quintin Merecido, Buhangin, Davao City, nito lamang Marso 3, 2022.**

Ang aktibidad ay pinangunahan ni Deputy Chief PNP for Operations PLtGen Rhodel Sermonia, bilang panauhing pandangal at tagapagsalita.

Si PBGen Silo ay isang huwarang tauhan ng PNP na nag-umpisa ng kanyang karera sa PNP bilang direct commissioned officer sa kanyang pinakaaasam na star-rank na Police Brigadier General. Habang hinuhubog niya ang kanyang namumukod-tanging pagganap at kanyang tunay na kakayahan sa serbisyo ng PNP, ang kanyang mahusay na pamumuno ay nakilala sa kanyang panunungkulan bilang Provincial Director ng Bataan Police Provincial Office noong 2016 nang idineklara ang lalawigan ng Bataan bilang unang "drug-cleared" na probinsya sa buong bansa na kung saan ay tatlong buwan bago ang target na petsa ng Pangulo.

Sa kanyang talumpati, binigyang-diin ni PBGen Silo ang kahalagahan at kagandahang-loob ng mga pangunahing kasanayan tulad ng pagsisiyasat sa mga miyembro ng PNP, gayundin, pinagtitibay niya ang suporta ng PRO 11 sa NTF-ELCAC ng gobyerno at nagpakita ng pagpapahalaga sa Revitalized-Pulis sa Barangay.

Ayon kay PBGen Silo, “Ang pangunahing prinsipyo ng pamumuno, lalo na sa ganitong uri ng bokasyon ay ipagpatuloy ang anumang mga proyekto, programa, aktibidad na makakatulong sa pagpapabuti ng serbisyo ng pulisya dito sa PRO 11. Obligasyon ko na pagbutihin at pag-ibayuhin pa ito. Sa huli, ang mga tao sa PRO 11, ang mga nagbabayad ng buwis ang siyang tatangkilikin ang kalidad ng serbisyo ng pulisya na pinalawig ng PRO 11.”

Pinasalamatan naman ng tauhan ng PRO 11 si PBGen Escobal sa kanyang mga mabuti at magandang serbisyo, isa na rito ay ang Revitalized-Pulis sa Barangay na siya ang brainchild ng programa at siya din ang nagpatayo ng kauna-unahang PRO-owned na ospital sa bansa na nagbibigay ng libreng serbisyong pangkalusugan at medikal sa mga tauhan ng PNP at kanilang mga dependent. *(Panulat ni Patrolman Alfred D Vergara)*

## Serbisyong “Bulig” ng Tanudan PNP



**Tanudan, Kalinga – Naihatid ng mga kapulisan sa ospital ang isang lalaking may iniindang sakit sa bukong-bukong sa pamamagitan ng “bulig” sa Tanudan, Kalinga, ngayong umaga, Marso 1, 2022.**

Kinilala ni PCpt Manuel Sabado, Acting Chief of Police, Tanudan Municipal Police Station, ang pasyente na si Ginoong Jesmon C. Paligan, 17, ng Sitio Bail Poblacion, Tanudan, Kalinga.

Ayon kay PCpt Sabado, bandang 8:00 ng umaga, si Paligan ay agad dinala ng mga tauhan ng Tanudan MPS sa Tanudan Municipal Hospital gamit ang “bulig” dahil sa pamimilipit ng kanyang bukong-bukong.

Ayon pa kay PCpt Sabado, ang “bulig” ay isang indigenous practice ng Tanudan MPS sa paghahatid ng isang may sakit o sugatan mula sa malalayong lugar gamit ang mga improvised na materyales gaya ng kawayan at kumot para buhatin ang taong may karamdaman at madala sa pagamutan.

Dagdag pa niya, ang “bulig” ay kalimitan na ginagawa sa malalayong lugar ng Kalinga na hindi kayang abutin ng mga sasakyan.

“Kami sa Tanudan MPS ay patuloy na maghahatid ng serbisyo publiko sa mga mamamayan na aming nasasakupan ng walang pinipiling sitwasyon at panahon”, saad ni PCpt Sabado. *(Panulat ni Patrolman Josua Reyes)*

# Mass wedding inilunsad sa Davao de Oro

**Davao de Oro – Naglunsad ng mass wedding ang Revitalized-Pulis sa Barangay (R-PSB) sa Davao de Oro nitong Lunes, Pebrero 28, 2022.**



Ayon kay PBGen Filmore Escobal, Regional Director, Police Regional Office 11, ang aktibidad ay naganap sa Purok 4b, Sitio Side 4, Barangay Mangayon, Compostela, Davao de Oro sa ilalim ng programa ng R-PSB na “Kasalan sa Barangay” na kung saan 15 pares ng nagmamahalan ang ikinasal.

Sa tulong at suporta ng lokal na pamahalaan sa pangunguna ni Hon. Lema P Bolo, City Mayor na siya ring nagdaos ng seremonya ng kasal at iba pang ahensya ng Davao de Oro ay mas napabilis ang pagproseso ng bawat dokumento ng mga ikinasal kabilang na ang birth certificate.

Hindi naman napigilang umiyak ni Ginang Mercy Mambay-an, isa sa 15 pares na ikinasal dahil sa nag-uumapaw na kaligayahan at pasasalamat nito sa R-PSB Cluster One-Two Compostela sa pamumuno nina PLt Tessie Tanilon at PLt Edith Solidum dahil sa kanilang pagsisikap at tulong upang maikasal hindi lang silang mag-asawa kundi pati na rin ang kanilang mga katribung Matigsalug.

Sa pagbuhos ng mga luha nito ay damang-dama ng bawat naroon sa nasabing kasalan kung gaano napasaya ng mga kapulisan ang bawat pares ng katutubong Matigsalug na ikinasal dahil sa pagbibigay katuparan sa kanilang matagal ng inaasam na maging legal na mag-asawa.

Ayon pa kay PBGen Escobal, pinadala ang R-PSB noong 2020 para tingnan ang mga pangangailangan sa barangay at nakita nila na marami pa ang hindi nakarehistro at naikasal at nangako na ipagpapatuloy nila na irehistro ang mga birth certificates at mga marriage contracts ng mga residente.

Ang mga katutubong Matigsalug at iba pang mga tribu sa bawat Geographically Isolated and Disadvantage Areas ay isa sa mga prayoridad ng iba't ibang programa ng R-PSB para sa kanilang kapakanan at ikakaunlad ng kanilang pamumuhay. *(Panulat ni PCpl Mary Metche Moraera)*

# CPNP dumalo sa 40th ASEANAPOL Conference sa Cambodia




**Camp Crame, Quezon City - Dumalo si Philippine National Police Chief Police General Dionardo Carlos kasama ang sampu pang mga kasamahan sa ika-40 na ASEAN National Police (ASEANAPOL) Conference sa Phnom Penh, Cambodia noong Marso 1 hanggang 4 taong kasalukuyan.**

Kabilang sa mga dumalo ang mga Chief ng Royal Brunei Police Force, Cambodian National Police, Indonesian National Police, Lao People's Democratic Republic General Department of Police, Royal Malaysian Police, Myanmar Police Force, Philippine National Police, Singapore Police Force, Royal Thai Police, at Socialist Republic of Vietnam Police.

Dumalo rin ang ibang Dialogue Partner at Observers mula Australian Federal Police, Ministry of Public Security of the People's Republic of China, National Police Agency of Japan, Korean National Police, New Zealand Police, National Crime Agency (NCA) of the United Kingdom, ICPO-INTERPOL, International Association of Chiefs of Police (IACP), US Federal Bureau of Investigation (FBI), Royal Canadian Mounted Police, Turkey National Police at Representative mula naman sa Russian Embassy sa Phnom Penh.

Tinalakay sa naturang pagtitipon ang iba't ibang current transnational crime, kasama na ang pakikipag-ugnayan ng bawat police force sa ASEAN region upang labanan ang iba't ibang transnational syndicates.

Dumalo sa tatlong Conference Commissions ang delegasyon upang talakayin ang Illicit drug trafficking, Terrorism, Arms Smuggling, Trafficking in Persons, Wildlife Crime, Maritime Fraud, Commercial Crime, Cybercrime, Fraudulent travel documents, Transnational Fraud, electronic ASEANAPOL Database System, mutual assistance on criminal matters, exchange of personnel and training programs, at ASEAN Police Forensic Science Network.

Samantala nagkaroon din ng short meeting si PGen Carlos kasama ang HoD ng UK NCA, AFP at ng Cambodian National Police.

Matatandaang noong May 2014 ang PNP ang naghost sa ika-34 na ASEANAPOL Conference na ginanap sa Maynila. Isa ang Pilipinas sa mga founding member ng ASEANAPOL na kung saan ginanap ang kauna-unahang ASEANAPOL Conference noong 1981.

## 2 Chinese National arestado sa pagnanakaw ng Php2.1M thru online

**Pasig City - Naaresto ang dalawang Chinese National na nagnakaw ng dalawang milyong piso thru online ng mga operatiba ng Eastern Police District nito lamang umaga ng Huwebes, Marso 3, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Orlando Yebra Jr, District Director ng Eastern Police District, ang mga suspek na sina Zhengbin Liu at Li Chen Wang na pawang mga Chinese national at nasa wastong gulang.

Ayon kay PBGen Yebra, bandang 4:30 ng umaga naaresto ang mga suspek sa BPO Bldg., Sta. Lucia LRT Station, Marcos Highway, Brgy. Dela Paz, Pasig City ng mga operatiba ng Eastern Police District.

Ayon pa kay PBGen Yebra, ang dalawang suspek ay nagsabwatan sa pagnanakaw ng pera ng kumpanyang pinagtatrabahuan sa pamamagitan ng paglipat ng pera gamit ang online transactions na nagkakahalaga ng Php2,100,000.

Aniya, natuklasan ito ng complainant na si Alili Tan, isang Malaysian National at representative ng Fuxing Corporation ang ginawa ng mga suspek at sa pagtangay din ng cash na nagkakahalaga ng Php10,000.

Inireport agad ito ni Tan sa mga awtoridad na agad namang inaksyunan ng operatiba ng Eastern Police District na nagresulta sa pag-aresto sa mga suspek at sa pagbawi ng mga ninakaw na pera.

Ang mga suspek ay nahaharap sa kasong qualified theft.

Dahil sa mabilis na aksyon ng mga kapulisan sa pangyayaring ito, lalong tumibay ang tiwala ng mamamayan sa Pambansang Pulisya. *(Panulat ni Patrolwoman Nica V Segaya)*

# 3 milyon na halaga ng shabu nasamsam ng Taguig PNP



**Ususan, Taguig City - Nasamsam ang 3 milyong halaga ng shabu sa Anti-Illegal Drug Operation ng pulisya ng Taguig nito lamang Huwebes, ika-3 ng Marso 2022.**

Kinilala ni PBGen Jimili Macaraeg, District Director, Southern Police District ang anim na naarestong suspek na sina Menandro Martin y Marcelino, 46; Emerito Eusebio Jr. y Sabordo, 53; Paul John Miranda y Tapalla, 29; Neil Corpuz y Cruz, 52; Paul Santos y Montano, 34; at Nicanor Radores y Segovia, 40.

Ayon pa kay PBGen Macaraeg, nahuli ang mga naarestong suspek sa ganap na 10:00 ng gabi sa Amihan St., Barangay Ususan, Taguig City sa pinagsanib puwersa ng DDEU-SPD, DID, DMFB-SPD at Taguig City Police Sub-Station 4.

Batay pa sa pahayag ni PBGen Macaraeg, nasamsam sa mga suspek ang pitong buhol na transparent plastic na naglalaman ng puting crystalline substance na hinihinalang shabu, limang heat sealed transparent plastic sachets na naglalaman ng white crystalline substance na hinihinalang shabu, isang kalibre .45 (Shooters), isang magazine, pitong .45 live ammunition, isang digital weighing scale, isang violet sling bag, isang bundle na transparent plastic, Php1000 na buy-bust money at Php4000 na boodle money.

Humigit kumulang 450 gramo ang bigat ng mga nakuhang ilegal na droga na may tinatayang Standard Drug Price na Php3,060,000.

Inihahanda na ng tauhan ng Southern Police District ang mga kasong Paglabag sa Seksyon 5, 6, 7, 13 at 14 sa ilalim ng Art II ng RA 9165 at Paglabag sa RA 10591 kaugnay ng Omnibus Election Code laban sa mga naarestong suspek habang ang mga nakuhang ebidensya ay ibibigay sa SPD Forensic Unit para sa pagsusuri ng kemikal at pagsusulit sa ballistics.

"Itinuturing namin ito bilang isa sa mga pangunahing paghatak ng droga sa SPD. Ito ay nagpapahiwatig ng aming walang hanggang pangako sa gobyerno laban sa banta ng droga sa ating bansa. Tinitiyak ko sa inyo na hindi tayo titigil sa pagtugis sa mga sindikato ng ilegal na droga at tayo ay positibong magtatagumpay sa ating laban sa tulong ng publiko," *(Panulat ni PSSG Gargantos)*



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## Pagpupugay sa bayaning pulis na nagbuwis ng buhay

Ang buong Pambansang Pulisya ay nakikiramay sa pamilyang naiwan ni PCpl Ryan Atos na napatay dahil sa marahas na pag-atake ng mga miyembro ng Communist New People's Army (BHB) sa kampo ng 504th Police Maneuver Company sa Pilar, Sorsogon noong Pebrero 28, 2022.

Lubos tayong nalulungkot sa kanyang sinapit matapos ang sunud-sunod na pagpapaputok ng mga rebeldeng grupo na nagresulta sa kanyang pagkamatay. Nararamdaman namin ang pamilya ng biktima. Ang kanyang pagkamatay ay dapat mabigyan ng katarungan at ito ay 'di magkakaroon ng walang kabuluhan.

Kinokondena natin ang karumal-dumal na aktibidad ng mga teroristang grupong ito. Hindi makatao ang kanilang ginawa at nararapat lamang na ito ay kanilang pagbayaran. Kaya naman, nakikiisa tayo sa panawagan at pagkondena ng Commission on Human Rights sa marahas na pag-atake ng mga teroristang grupo sa kampo ng kapulisan.

Ang pangyayaring ito ay ilan lamang sa napakaraming kasamaaan na kanilang ginawa. Ito ay isang patunay na walang magandang ginagawa ang mga teroristong grupo sa ating lipunan. Patuloy silang kumikitil ng buhay hindi lamang ng kapwa nating mga pulis at sundalo, kundi maging ang buhay ng mga sibilyan.

Ang pag-atakeng ito ay tunay na paglabag sa karapatang pantao hindi lang ng ating kapulisan, kundi ng ating mga kababayan.  Hinding-hindi ito makatwiran at sadyang walang kasing sama.

Nagpapasalamat tayo sa CHR sa pagpapahayag ng kanilang pag-aalala tungkol sa maliwanag na paglabag sa mga karapatang pantao ng mga teroristang grupo. Ito ay malaking tulong sa ating hanay sa pagtukoy at pag-usig sa mga taong responsable sa pangyayari.

Sa kabila nito, sumasaludo tayo sa kabayanihang ipinamalas ni PCpl Atos na nagbuwis ng buhay upang maipagtanggol ang kapayapaan at katahimikan sa lugar. Ang iyong katapangan at kadakilaan ay bayaning maituturing sa ating hanay. Hindi man ikaw nagtagal sa pagseserbisyo subalit ang iyong sakripisyo ay habang-buhay na dadalhin ng ating organisasyon.

Patuloy din tayong nakiki-usap sa ating mga kababayan na makipagtulungan sa ating pulisya. Kung mayroon kayong nalalamang impormasyon tungkol sa kanilang plano at aktibidad, ipagbigay-alam ito sa otoridad upang maaksyunan. Mag-ingat at maging alerto rin tayong lahat sa ating kapaligiran o pangyayari upang hindi tayo mabiktima ng kanilang mapanlinlang at mga karumal-dumal na aktibidad

# EDITORYAL

## Buhay ay iaalay para sa pagmamahal sa bayan

Nitong ika-28 ng Pebrero, isang pulis na naman ang nasawi sa engkwentrong sinimulan ng mga teroristang komunista sa Brgy. Esperanza, Pilar, Sorsogon.

Nasawi sa engkwentro si Police Corporal Ryan M. Atos, miyembro ng 504th Maneuver Company na inatake ng mga komunistang terorista. Padagdag ng padagdag ang bilang ng ating mga kapulisan na nasasawi bunsod ng walang habas na armadong tunggalian.

Sa loob ng higit limang dekada, paulit ulit ang pataksil na pag-atake at pagpatay sa ating mga kapulisan sa kanilang kampo man o pati sa mga komunidad habang nagbibigay serbisyo sa ating mga kababayan at kadalasan pati mga sibilyan ay nadadamay.

Sibilyan, pulis o sundalo; babae man o lalake; sanggol man o matanda, walang pinipiling biktima ang mga CTG. Ilan pang mga pulis at sundalo ang magbubuwis ng buhay dahil sa mga patraydor na pamamaslang ng teroristang grupong ito?


Ilang kapulisan na ang naisakripisyo sa altar ng karahasan at kademonyohan ng ideolohiyang komunismo na ipinaglalaban ng mga rebeldeng komunista. Ilan pang PCpl Atos ang magbubuwis ng buhay upang tuluyang mapuksa at mapalaya ang ating bansa mula sa kasamaang dulot ng mga teroristang komunista? Ilan pang mga sibilyan ang lubhang masusugatan at babawian ng buhay dahil daw aksidenteng napaulanan ng bala ang mga ito?

Balot ng pighati, buong giting na sumasaludo ang bawat miyembro ng hanay ng pambansang pulisya kay PCpl Atos. Umasa ka na kaming mga nabubuhay ang magpapatuloy sa iyong mga nasimulan. Lagi naming babaunin at babalikatin ang sakripisyo mo at ng iba pa nating kasamahan sa ngalan ng tapat na serbisyo publiko.

Bilang pagpapaigting sa mga programa upang tuluyang wakasan ang karahasang dulot ng rebeldeng grupo, paulit ulit nating hinihimok ang ating mga kababayan na suportahan ang ating pambansang pulisya sa paghubad ng maskara ng mga mapagpanggap na komunista. Magtulungan tayong iligtas ang ating mga kababayan mula sa mga teroristang ito at tuluyang putulin ang serye ng mga patayan na ang grupong ito ang pasimuno. Naniniwala ang pambansang pulisya na ang pinakasolidong armas upang tuluyang mapalaya ang ating bansa mula sa kasamaan ng mga teroristang komunista ay ang buong tiwala at suporta ng sambayanang Pilipino.

Umasa naman ang ating mga kababayan na hindi matitinag ang paninindigan ng hanay ng pambansang pulisya na ipatupad ang mandato nitong magserbisyo at protektahan ang sambayanan kahit pa kapalit nito ay ang kanilang buhay.

Dahil ang serbisyong pulis ay may puso. May pusong matapang na kayang suungin ang anumang unos o pagsubok at may pusong buo kung magmahal na kahit pa sariling buhay ay kayang isangkalan masiguro lamang na ligtas ang ating bayan at mga kababayan.



# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez at PSSg Nechaell Hadjula*

## PNP Chief PGen Dionardo Carlos nanguna sa delegasyon ng Pambansang Pulisya para sa "40th ASEAN National Police Conference" sa Cambodia

Lumipad noong ikalawa ng Marso patungong Phnom Penh, Cambodia si PNP Chief, PGen Dionardo B Carlos para kumatawan sa Pilipinas para sa "40th ASEAN National Police" o ASEANAPOL Conference.

Pinangunahan ni PNP Chief, PGen Carlos ang labing-isang delegasyon ng Pambansang Pulisya para sa taunang pagpupulong ng mga Pambansang Ahensya ng Pulisya ng Sampung (10) mga bansang miyembro ng ASEAN na pinangunahan ng Cambodian National Police. Sa loob ng tatlong-araw na pagpupulong at dayalogo, tinalakay ng mga ASEAN Chiefs of Police ang kasalukuyang mga alalahanin sa Transnational Crime, kabilang ang layuning palakasin ang International Cooperation sa iba pang puwersa ng pulisya sa rehiyon ng ASEAN laban sa mga Transnational Syndicate.

Ang "40th ASEANAPOL" ay dinaluhan ng mga Hepe ng Royal Brunei Police Force, Cambodian National Police, Indonesian National Police, Lao People's Democratic Republic General Department of Police, Royal Malaysia Police, Myanmar Police Force, Philippine National Police, Singapore Police Force, Royal Thai Police, at Socialist Republic of Vietnam Police.

Dumalo din ang mga delegado ng Dialogue Partner at Observers na mula sa Australian Federal Police; Ministry of Public Security ng People's Republic of China; National Police Agency ng Japan; Korean National Police; New Zealand Police; National Crime Agency (NCA), United Kingdom; ICPO-INTERPOL; International Association of Chiefs of Police (IACP); US Federal Bureau of Investigation (FBI); Royal Canadian Mounted Police; Turkey National Police; at mga Representatives na mula sa Russian Embassy sa Phnom Penh, Cambodia.

Ang delegasyon ng PNP ay dumalo sa mga pagpupulong at dayalogo ng tatlong Conference Commissions para talakayin ang mga paksa sa Illicit Drug Trafficking; Terrorism; Arms Smuggling; Trafficking in Persons; Wildlife Crimes; Maritime Fraud; Commercial Crime; Cybercrime; Fraudulent Travel Documents; Transnational Fraud; Electronic ASEANAPOL Database System; Mutual Assistance sa mga usaping Kriminal; pagpapalitan ng mga tauhan at programa na may kinalaman sa pagsasanay; at ang ASEAN Police Forensic Science Network.


# EDITORIAL BOARD

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN WALTER E CASTILLEJOS**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL DAINES O. AMUGUIS**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*


Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Ang salita ng Diyos gabay sa ating buhay tungo sa tagumpay

Text: 2 Timothy 3:16-17

Magandang araw po sa inyong lahat na patuloy na tumatangkilik ng aking artikulo. Salamat po sa ating Panginoong Diyos sa Kanyang walang maliw na pag-ibig sa atin. Naalala ko noong ako`y bata pa. Sinabi sa akin ng aking lolo, bago pumasok sa eskuwelahan, “Marami kang batang makakasama at makikilala sa school, pwede mo silang makalaro, makipagkaibigan ka sa kanila pero huwag kang makikipag-away o sasama sa kanilang pakikipag-away apo, naiintindihan mo ba ako?” Ang aking tugon, “Opo lolo, hindi po ako makikipag-away. Sa murang kaisipan ay iminulat na sa amin na dapat ay huwag makipag-away. Hindi ko malimutan noong ako ay walong (8) taong gulang, mayroon akong kababata na kinatatakutan ng kasing-edad namin. Siya ay si Pedro alyas “Tusok”, ang matapang at walang takot na hinaharap ang kaaway, kahit na siya ay duguan ay determinadong pabagsakin ang kaaway.

Ano ang nagtulak sa kanya upang harapin ang kanyang kalaban?

Nagkaroon ako ng pagkakataon na siya`y kausapin at tanungin kung bakit siya matapang. Sinabi niya sa akin, na isang araw siya ay umiiyak galing sa eskuwelahan at nandoon ang kanyang tatay. Habang umiiyak ay sinabihan siya na dapat ay magpakatatag at huwag hahayaang apihin siya ng kapwa niya estudyante o kalaro. Kung hindi kaya ang kalaban sa mano mano ay gamitan ng teknik (kumuha ng pamalo) sa pakikipag-away. Simula noon, kapag may umaaway sa kanya,hinaharap niya ito nang buong tapang. Kung mayroon siyang marinig na hindi maganda sa aming kababata, ito ay kanyang pinapatulan. Dahilan ito upang siya`y katakutan ng lahat ng estudyante. Mayroon namang humahanga sa kanya at naging tagasunod niya at nagtatag siya ng isang grupo (Fraternity). Mayroon siyang kakayahang impluwensiyahan ang ibang mga bata sa aming barangay. Marami ang sumunod sa kanya sa pakikipag-away mula sa eskwela, kalye at hanggang sa bukid. Nasaksihan ko rin kung paano tumakbo ang mga nakaaway niya. Ang nakakalungkot lamang, hanggang sa pagtanda namin ay mahilig pa rin siya sa gulo at riot sa aming barangay. Nabalitaan ko na lang na siya ay nakulong dahil napatay ang kanyang katunggali. Gayun na lamang ang aking kalungkutan sapagkat nadamay ang kanyang pamilya. Ang mga taga-sunod niya ay ganoon din ang sinapit. Sino na ang magta-trabaho para sa kanilang pamiya, asawa at mga anak?

Sino ang nagpalakas ng loob kay Pedro alyas “Tusok”?

Una ang kanyang ama ay nagbigay payo sa kanya. Ikalawa ang kaisipan na ang pagiging mahina ay hindi makakatulong sa kanya.

Ang mga magulang ay may malaking bahaging ginagampanan sa paghubog ng karakter ng kanilang anak.

Sa mga kabaro ko, nais ko pong ipabatid sa inyo na ang magulang ay may malaking bahaging ginagampan upang hubugin ang kaisipan ng ating mga anak. Tayo ang tumatayong unang guro para sa kanila. Lahat ng mga salita na namumutawi sa ating labi ay kanilang naririnig at bawat desisyon na ating ginagawa ay naka rehistro sa kanilang isipan. Kung ano ang mayroon sa atin ang siyang maibabahagi natin sa ating mga anak. You can`t give to others, what you don`t have. Ang ating Values ay naibabahagi natin sa ating mga anak.

Ano ba ang ating good values?

Ano ang natutunan natin kay Pedro alyas “Tusok”?

Ang naging ugat ng pagnanasa ni Pedro na ipagtanggol ang kanyang sarili, ay dahil may mga batang mas malakas at walang habas na saktan ang mga mahihina at isa siya sa mga naging biktima. Mga bata na hindi naturuan ng mga magulang at naimpuwensiyahan ng maling kaisipan. Isa si Pedro sa naging biktima. Mula sa pagiging mahina ay nagkaroon siya ng tapang. Sino ang nagpalakas ng kanyang loob? Ito ay ang kanyang ama at sinunod niya ang payo nito. Nagkaroon siya ng kumpiyansa sa sarili, na kaya pala niyang lumaban. Simula noon, nilabanan niya ang nagnanais na siya`y saktan. Nilabanan niya ang mga umaapi sa mahihina. Ngunit ginamit niya ang tapang upang pasunurin ang mga mahihina sa kanya sa pamamagitan ng pananakot. Ang paggamit ng tapang ay nagbigay dahilan upang siya ay mapahamak. Tandaan po natin na ang bawat desisyon sa ating buhay ay maaaring magdulot ng kabutihan sa atin. Maaari din namang magdulot ng kapahamakan sa atin.

Ang pagtatanggol ay dapat gamitin sa tamang paraan.

Ang pagtatanggol sa sarili ay tungkulin ng bawat-isa. Lalo na`t alam natin na ang kalaban ay may layunin na tayo ay alipinin at wasakin. Tulad ng pagtatanggol ng ating mga bayani sa ating bansa upang makamtan natin ang kasarinlan. Ang pagtatanggol sa sarili ay hindi pagsang-ayon sa maling mga paratang sa atin. Kaya naman kapag may mga sibilyan na nagsasabi ng masama laban sa Pambansang Pulisya, ako ay nagpapaliwanag sa kanila na hindi naman lahat ay masama. Tayo bilang magulang, hindi natin nais na ang ating mga anak ay maging biktima ng karahasan at pananakit. Dapat din nating ituro sa ating anak ang tamang paraan ng pagtatangol. Sa lahat ng ating ginagawa, kinakailangan na tayo ay mayroon gabay at pamantayan. Upang mapairal ang batas at hustisya sa ating nasasakupan. Ang “Banal na Kasulatan” ang mabisang aklat at tunay na sandigan sa buhay natin.

“Every scripture inspired of God is also profitable for teaching, for reproof, for correction, for instruction which is in righteousness. That the man of God may be complete, furnished completely unto every good work.” 2 Timothy 3:16-17

Tayo po ay manalangin! Dakilang Diyos tulungan Niyo kami na maging matapang sa pagharap ng mga hamon sa buhay. Sa pamamamagitan ng Iyong Salita, loobin mo na ito ay matanim sa aming puso`t isipan, upang kami ay malayo sa kasawian at kapahamakan. Magdulot nawa kami ng katalinuhan sa bawat desisyon na aming ginagawa. Patnubayan Mo ang Pambansang Pulisya sa pangunguna ni PGen Dionardo B Carlos, Hepe ng Pambansang Pulisya. Dalangin namin na ang bawat Pamilya ng Kapulisan ay maging matatag at patuloy na nagkakaisa. Sa Iyo po ang papuri at pagsamba. Amen!

## Pulis patay sa pag-atake ng NPA sa Sorsogon

**Pilar, Sorsogon – Namatay ang isang pulis sa pag-atake ng NPA sa Brgy. Esperanza, Pilar, Sorsogon noong nakaraang Lunes, Pebrero 28, 2022.**

Ayon kay Police Brigadier General Jonnel Estomo, Regional Director ng Police Regional Office 5, bandang 6:54 ng gabi nang inatake ng mga armadong rebeldeng grupo ang kampo ng 504th Maneuver Company na umabot sa labinglimang minutong palitan ng putok na nagresulta sa pagkamatay ni Police Corporal Ryan M. Atos.

Ayon kay Police Brigadier General Estomo, base sa twitter post ni Ka Samuel Guerrero, tagapagsalita ng Celso Minguez Command, inako nila na sila ang reponsable sa pag-atake sa naturang istasyon at pagkamatay ni PCpl Atos.

Ipinaabot ni Police Brigadier General Estomo ang pakikiramay sa pamilya ng nasawing pulis.

Saad pa nya, walang katumbas na salita ang magpapagaan sa saloobin at magpapawi ng pagdadalamhati ng pamilya ng nasawi.

Aniya pa, kinondena ng buong hanay ng PNP Bicol ang nangyari kaya sinisiguro niya ang agarang pagkilos upang mabigyan ng hustisya ang nangyari.

Ang kanyang ipinamalas na kabayanihan, extra ordinaryong serbisyo at pagmamahal sa bayan ay magsisilbing inspirasyon at mabuting alaala sa lahat ng mga Bikolano para ipagpatuloy ang laban para sa pagkamit ng kapayapaan at katahimikan. *(Panulat ni PCPL Shiear “Kye” Velasquez-Ignacio)*



## Mister na pinagsasaksak ang misis arestado ng Cebu PNP

**Badian, Cebu – Sugatan ang isang babae nang pagsasaksakin ng kanyang mister sa loob ng kanilang tahanan sa Badian, Cebu nito lamang Miyerkules ng gabi, Marso 2, 2022.**

Kinilala ni PLt Etelberto Temagos, Hepe ng Badian Municipal Police Station, ang suspek na si Rolly Duerma Saldua, 30, at ang biktima naman ay si Jinjin Cahayagan Saldua, 27, na parehong residente ng Barangay Manduyong, Badian, Cebu.


Ayon kay PLt Temagos, nagkaroon ng mainit na pagtatalo ang mag-asawa ng dahil umano sa selos na nagresulta sa pananaksak ng suspek sa biktima.


Agarang rumesponde ang Badian PNP at nagsagawa ng hot pursuit operation matapos makatanggap ng tawag patungkol sa insidente na nagresulta sa pagkahuli ng suspek.

Ayon pa kay PLt Temagos, ang biktimang si Jinjin ay agarang dinala sa Badian District Hospital upang malapatan ng lunas.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa RA 246 (Frustrated Parricide).

Ang Badian PNP ay hindi hahayaang makawala sa kamay ng awtoridad ang mga taong gumagawa ng krimen sa kanilang kapwa at komunidad. *(Panulat ni Patrolman Edmersan Llapitan)*



# Blessing at turn-over ng mga bagong sasakyan isinagawa sa Police Regional Office 12




**PRO 12 Grandstand, Tambler, General Santos City – Nagsagawa ng blessing at turn-over ng mga bagong sasakyan ang Police Regional Office 12 sa PRO 12 Grandstand, Tambler, General Santos City na ipinamahagi sa iba't ibang police stations nitong Martes, Marso 1, 2022.**

Ayon kay PBGen Alexander C Tagum, Regional Director, siyam na yunit ng patrol jeep at siyam na yunit ng motorsiklo ang itinurn-over sa PRO 12 police offices at station.

Ang nasabing mga patrol jeep ay inisyu sa PRO 12 ng National Headquarters na binili sa ilalim ng Capability Enhancement Program ng PNP.

Ayon pa kay PBGen Tagum, ang walong yunit ng mga patrol jeep ay ipinamahagi sa mga police stations sa ilalim ng General Santos City Police Office at isang yunit ang inisyu sa Tacurong City Police Station, samantala ang mga motorcycle units naman ay inisyu ng Local Government Unit ng Cotabato Province para sa 1st CPMFC, Cotabato Police Provincial Office.

Sa kanyang mensahe, ipinaabot ni PBGen Tagum ang kanyang pasasalamat sa organisasyon sa pamumuno ni PNP Chief PGen Dionardo Carlos kasama ang Local Government Unit ng Cotabato sa pagbibigay ng mga sasakyan na magpapalakas sa operational at response capability ng kapulisan.

"Surely, this will enhance our effectivity in patrolling system. To the recipient of this units especially to the drivers, take care of this vehicles and treat it as if it is your own," ani PBGen Tagum. *(Panulat ni Patrolman Charnie A. Mandia)*





# 235 BISOC trainees ng PRO8 ipapadala para sa Samar Peacekeeping Mission for NLE 2022







**Camp Ruperto Kangleon, Palo, Leyte- Nagpadala ang Police Regional Office 8 ng kapulisan para sa Samar Peacekeeping Mission sa isinagawang Send-off Ceremony sa Brgy. Rizal II, Babatngon, Leyte nito lamang Martes ng umaga, Marso 1, 2022.**

Ayon kay Police Brigadier General Bernard Banac, Regional Director, 235 na kapulisang sumasailalim ng Basic Internal Security Operations Course (BISOC) ang magiging bahagi ng Regional Special Operations Task Group - Samar para sa peacekeeping mission sa papalapit na 2022 National and Local Elections (NLE).

Ayon pa kay PBGen Banac, ipapakalat ang mga naturang kapulisan sa Calbayog City Police Station, Gandara MPS, Sta. Margarita MPS, Matuguinao MPS, at San Jorge MPS.

Sinabi din ni PBGen Banac, na "ang seremonyang ito ay isang patotoo ng ating adhikain para sa matagumpay na pagsasagawa ng pambansa at lokal na halalan. Ibigay ang iyong mga tungkulin at responsibilidad sa halalan nang may kasipagan lalo na kung saan ang ating mga serbisyo ay lubhang kailangan. Tiyak na natutunan natin ang ating mga aral mula sa mga nakaraang halalan. Ngayon, tayo ay mas handa kaysa dati. Gawin natin ng maayos ang trabaho natin." *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn Valdez)*



# Lapu-Lapu PNP inilunsad ang S.A.F.E NLE 2022




**Lapu-Lapu City, Cebu - Inilunsad ng Lapu-Lapu City Police Office ang Secure, Accurate, Free/Fair National and Local Elections (SAFE NLE) 2022 o ang "KASIMBAYAN" (Kapulisan, Simbahan, at Pamayanan) na isinagawa sa City Auditorium, Brgy. Poblacion, Lapu-Lapu City, Cebu, bandang 5:00 ng umaga nito lamang Marso 4, 2022.**


Layunin ng nasabing aktibidad na maipakita ang pakikiisa ng hanay ng pulisya sa iba't ibang ahensiya ng pamahalaan upang masiguro ang maayos at mapayapang Pambansa at Lokal na Halalan sa Mayo 2022.

Kabilang sa nasabing programa ang Army Tasked Group Cebu, COMELEC, DILG, Phil Navy, Phil Air Force, PCG, BJMP, BFP, LCPO Advisory Council at C-CIMPEL kasama ang mga Religious Leaders at Advocacy Support Groups.

Sentro ng nasabing aktibidad ang paglagda ng Pledge of Commitment kung saan ang lahat ng stakeholders ay dapat maipahayag sa publiko ang kanilang suporta para sa non-partisan at mapayapang halalan sa darating na Mayo 9, 2022.

Ang hangarin na maprotektahan at mapangalagaan ang integridad sa darating na halalan, ay tunay na makakamtam sa pamamagitan ng pagtutulungan ng komunidad at ng lahat ng kinauukulang ahensya ng gobyerno.

Kaya, makiisa at makisama para sa maayos at ligtas na halalan. *(Panulat ni Pat Edmersan Llapitan)*



# Dating rebelde tumanggap ng Php144k mula sa E-CLIP sa Surigao City

**Surigao City - Nabigyan ng Php144,000 cash assistance ang dating rebelde mula sa programang Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) ng gobyerno sa Provincial Governor's Office Capitol ng Surigao City nitong Martes, Marso 1, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Rudy Elandag, Deputy Director for Operation ng Surigao Del Norte Provincial Police Office, si alyas "Jay-R" ay dating Vice Commanding Officer ng SDG 16 ng New People's Army (NPA) na boluntaryong sumuko noong nakaraang taon.

Pinangunahan ni Governor Francisco Matugas, Gobernador ng Surigao City kasama si Police Colonel Elandag, ang pag-turnover ng pitumpu't siyam na libong piso para sa firearm renumeration at animnaput limang libong piso para sa livelihood assistance kay alyas "Jay-R".

Dagdag pa dito, dumalo rin sa nasabing turnover ceremony sina DILG Provincial Director, Johnryl Mosquito, 30IB Battalion Commander, Lieutenant Colonel Ryan Charles Callanta, Provincial Social Welfare Officer ng DSWD, Fe Saumat.

Patunay lamang na taos puso ang binibigay na suporta ng ating gobyerno para sa ating mga kapatid na nagbabalik-loob.

Muli namang nanawagan ang PNP Caraga sa mga natitira pang miyembro ng makakaliwang grupo na sumuko na at yakapin ang tunay na kapayapaan. *(Panulat ni Patrolman Cadapan RPCADU13)*



# Community Outreach Program isinagawa ng mga kababaihang pulis



**Catarman, Northern Samar - Nagsagawa ng community outreach program ang mga kababaihang pulis ng 1st Northern Samar Provincial Mobile Force Company nito lamang Miyerkules, Marso 2, 2022.**

Ang naturang programa ay sa pamamagitan ng BARANGAYanihan kitchen (Feeding) activity na ginanap sa iba't ibang barangay ng Catarman, Northern Samar bilang parte ng pagdiriwang ng National Women's Month.

Mahigit 70 na mga bata ang nakatanggap ng Jollibee food packs, ice cream at iba pang snacks.


Ang naturang aktibidad ay naglalayong pagandahin ang mabuting pakikitungo sa mga nasasakupan at magbigay ng munting kagalakan sa mga bata.


Ito naman ang mensahe ni Police Lieutenant Colonel Edwin Oloan Jr., Force Commander, 1st Northern Samar PMFC, "Ngayong buwan, ipinagdiriwang natin ang buwan ng mga kababaihan at ang kanilang mga nagawa sa ating organisasyon at lipunan. Ito ay pagdiriwang ng mga kababaihan na gumagawa ng sarili nilang mga desisyon, pakikipagsapalaran upang marinig ang kanilang mga boses at pamumuno para sa pagbabago."


Dagdag pa ni PLtCol Oloan, "Saludo tayo sa pinapakita nilang kagalingan sa bawat aspeto ng buhay. Mula sa outreach program na ito, nagpapakita na sila ay maaasahan sa kahit na anumang bagay at handang magsakripisyo para sa mamamayan."









# BANTAYOG NG KAGITINGAN

Ni: PLt Robert Fabregas

## Kapakanan at Kaligtasan ng Kapwa ang Mahalaga

Alas 6:30 nang umaga noon, 14 March 2005, ginulantang ang National Capital Region (NCR) nang pagtatangka ng mga bilanggo sa Metro Manila District Jail sa Camp Bagong Diwa na tumakas sa kanilang piitan. Ang mga kasapi ng kilabot na bandidong grupo na Abu Sayyaf ang namuno sa mga bilanggo sa jailbreak attempt matapos nilang patayin ang ilang jailguards ng Bureau of Jail Management and Penology (BJMP).

Naging malawak na ang media coverage nang nagaganap na panghu-hostage ng grupo ni Galib Andang (aka Kumander Robot). Hinihingi na ng taumbayan ang agarang resolusyon ng Bicutan Crisis.

Bandang umaga ng 15 March 2005 naglunsad ng RESCUE OPERATION ang tropa ng pamahalaan upang wakasan na ang krisis at iligtas ang daan-daang bilanggo na naging hostage ng mga terorista. Ala 1:15 ng hapon, kabilang si P02 ARREOLA sa mga kasapi ng PNP-SAF na nagsagawa ng clearing operations, tinungo niya ang cell- 23 ng District Jail upang i-clear ang area. Nakita ni ARREOLA ang dalawang Abu Sayyaf na armado ng pistola at nagkakanlong sa Comfort Room ng selda. Pinaputukan ng pulis ang isa sa mga terorista subalit nakipagsabayan din ng putok ang isa sa mga ito.

Tinamaan ng dalawang beses sa katawan ang magiting na pulis subalit kahit na bumagsak na ito sa semento dahil sa tama ng mga bala ay nagawa pa rin niyang gumanti ng putok sa katunggali. Nagawa pang maghagis ng granada ang terorista na bumagsak sa tabi nang naghihingalong pulis. Isang malakas na pagsabog ng granada ang tumapos sa kagitingan ni P02 Arreola.

Ayon sa ilang saksi, kahit na naghihingalo na ay nagpumilit pa rin si P02 Abel Arreola na maiharang ang kanyang katawan sa granada upang huwag matamaan ng shrapnel ang iba pa niyang kasamahan. Sa huling sandali ng kanyang buhay, kapakanan pa rin ng kanyang kapwa at mga kasamahan ang kanyang isinaalang-alang... isang katangiang pinanday at hinubog ng PNP sa katauhan ni Abel na kanyang yinakap hanggang sa huling hibla ng kanyang hininga.

Matapos ang nasabing krisis, 22 kasapi ng mga teroristang Abu Sayyaf ang na-neutralize, nailigtas naman ng PNP ang humigit kumulang sa 400 inmates samantalang isang magiting na pulis ang nag-alay ng kanyang buhay. Sa ipinamalas niyang kabayanihan, humanga ang sambayanan sa kagitingan ni P02 Abel Arreola, isang tunay na Pulis Ng Pilipino!!

# Php6.8M halaga ng shabu nakumpiska sa PNP buy-bust; 4 suspek arestado

**Muntinlupa City – Nakumpiska ang 6.8 milyong piso sa apat na suspek sa ikinasang buy-bust operation ng pulisya ng SOU NCR, PDEG nito lamang umaga ng Martes, Marso 1, 2022.**



Kinilala ni Police Brigadier General Randy Q Peralta, Director ng PNP Drug Enforcement Group ang mga suspek na sina Jhonray Barendse, 31; Joselito Olong Estay, 52; Emely Dologuin Subrado, 48; at Marcel Iglesias Alawia, 36.

Ayon kay PBGen Peralta, bandang alas 10:00 ng gabi nang isinagawa ang buy-bust operation na nagresulta sa pagkakaaresto ng mga suspek at pagkakumpiska ng mahigit kumulang 1,000 gramo ng hinihinalang shabu na tinatayang nagkakahalaga ng Php6,800,000, assorted ID cards, isang Hyundai Grace Van na may plaka na XDG955, apat na cellphone, at buy-bust money.

Ayon pa kay PBGen Peralta, naaresto ang mga suspek sa kahabaan ng National Road, Brgy. Poblacion, Muntinlupa City sa pinagsanib na puwersa ng Special Operations Unit (SOU) NCR, Muntinlupa Station Drug Enforcement Group (SDEU), Regional Intelligence Division (RID), Regional Drug Enforcement Unit (RDEU), Regional Special Operations Group (RSOG) NCRPO, Crime Investigation and Detection Group (CIDG) NCR, Regional Field Unit (RFU) NCR, SPD District Drug Enforcement Unit (DDEU), Regional Intelligence Unit (RIU) NCR, at Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) NCR.

Tiniyak din nya na ang Pambansang Pulisya ay walang humpay sa kampanya laban sa ilegal na droga. *(Panulat ni Patrolwoman Nica V Segaya)*

# High Value Individual timbog sa buy-bust ng Caloocan PNP


**Tala, Caloocan City - Timbog ang isang lalaki na tinuturing na isang "High Value Individual" sa buy-bust operation ng mga pulisya ng Caloocan City nitong umaga ng Miyerkules, March 2, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Samuel Mina Jr, Chief of Police, ang suspek na si Repors Sultan y Cardwe alyas "boss" sa kasong paglabag sa Sec 11 Art ll ng RA 9165.

Ayon kay Police Colonel Mina Jr, bandang 8:10 ng umaga, naaresto si Sultan sa Block 66, Lot 42, King Domingo Street, Barangay 188, Tala, Caloocan City, sa pinagsamang puwersa ng Drug Enforcement Unit ng Caloocan City Police Station, 6th Mobile Force Battalion-NCRPO at Philippine Drug Enforcement Agency, Regional Office-NCR.

Ayon pa kay Police Colonel Mina Jr, nakumpiska sa nasabing suspek ang isang medium HSTPS at isang plastik bag na naglalaman ng hinihinalang shabu na tumitimbang ng higit kumulang 125 gramo na nagkakahalaga ng Php850,000.

Nakumpiska rin sa suspek ang isang tunay na isang libong piso kasama ang 39 piraso na pekeng pera na tig-iisang libo na ginamit bilang buy-bust money.




Sinigurado ni Police Colonel Mina Jr na patuloy na paiigtingin ng Pambansang Pulisya ang kampanya kontra ilegal na droga kasabay ng pagpapaigting sa gun ban ngayong panahon ng eleksyon.

# Top 1 Most Wanted Person arestado ng Quezon PNP

**Real, Quezon – Naaresto ang Top 1 Most Wanted Person sa Manhunt Charlie ng mga pulisya ng Quezon nitong Miyerkules, Marso 2, 2022.**

Hindi pinangalanan ni Police Colonel Joel Villanueva, Provincial Director ng Quezon Police Provincial Office ang suspek na isang trabahador, 54, residente ng Poblacion 61, Real, Quezon.

Ayon kay Police Colonel Villanueva, bandang 12:45 ng tanghali naaresto ang suspek ng mga operatiba ng Real Municipal Police Station.

Ayon pa kay Police Colonel Villanueva, ang suspek ay naaresto sa bisa ng Warrant of Arrest na nilagdaan ni Hon. Raymund Joseph M. Sorongan, Acting Presiding Judge, Regional Trial Court, Branch 65, Infanta, Quezon noong Marso 1, 2022 para sa paglabag sa RA 7610 o "Special Protection of Children against Child Abuse, Exploitation and Discrimination Act (Anti-Child Abuse Law) na may Criminal Case number na 2022-56-I at may rekomendadong piyansa na Php80,000.

Sinisiguro ng Pambansang Pulisya na lalo pang palakasin ang kampanya laban sa kriminalidad para mapuksa ang mga kriminal at magkaroon ng payapa at maayos na bansa. *(Panulat ni PEMS Joe Peter V Cabugon, RPCADU 4A)*

# Php1.4M shabu kumpiskado sa PNP buy-bust sa Cebu City; suspek arestado



**Cebu City – Nasamsam ang 1.4 milyong pisong halaga ng shabu sa naarestong suspek sa buy-bust operation ng pulisya ng Cebu City nito lamang Martes, Marso 1, 2022.**

Kinilala ni PNP Chief, Police General Dionardo B. Carlos ang suspek na si Mario Alterado Tabanas Jr. alyas "Mar", 32, residente ng 5F Pacaña Street, Barangay Tisa, Cebu City.

Ayon kay PGen Carlos, si Tabanas ay nahuli bandang 7:15 ng gabi sa Brgy. Tisa, Cebu City ng mga operatiba ng Regional Police Drug Enforcement Unit 7.

Nakumpiska kay Tabanas ang 32 medium heat-sealed transparent plastic sachets ng shabu na may tinatayang timbang na 211 gramo at may Standard Drug Price (SDP) na Php1,430,800.00 at buy-bust money.

Nahaharap sa kasong paglabag sa Sections 5 at 11, Article II ng RA 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

"Naging matagumpay ang ating agresibo at epektibong kampanya laban sa banta ng droga sa bansa sa buong suporta at kooperasyon ng ating mga katuwang na ahensyang nagpapatupad ng batas at ng komunidad na malakas na kaalyado ng PNP sa laban na ito sa ilegal na droga", pahayag ni PGen Carlos. *(Panulat ni Patrolman Edmersan Llapitan)*

# 48 Sabungero sa Laguna arestado



**Laguna (February 26, 2022) – Naaresto ang 48 na sabungero sa magkahiwalay na anti-illegal gambling operation ng mga kapulisan ng Laguna noong Pebrero 26, 2022.**

44 na sabungero ang naaresto sa pamumuno ni Police Major Jose Barce Tucio kasama ang Bay Municipal Police Station matapos makatanggap ng impormasyon na may ilegal na tupada sa Purok 1, Sitio Kabaritan, Barangay Sto. Domingo, Bay, Laguna.


Samantala, apat (4) din ang naaresto sa pamumuno ni Police Lieutenant Colonel Paulito Sabulao, Hepe ng Santa Rosa City Police Station (CPS) sa bakanteng lote ng Progressive Subdivision, Brgy. Tagapo, Sta. Rosa City, Laguna.

Nakumpiska sa mga naaresto ang apat (4) na buhay na panabong na manok, walong (8) patay na manok, apat (4) na tari at aabot sa Php38,970 ang kabuuang halaga ng nakumpiskang pera.

Ang mga naaresto ay kasalukuyang nasa piitan ng istasyon ng pulisya habang isinasampa ang kasong paglabag sa Presidential Decree (P.D.) 1602 sa Prosecutor's office.

Samantala, ipinahayag ni Police Colonel Rogarth Campo, Provincial Director ng Laguna Provincial Police Office (PPO) na patuloy ang mga kapulisan ng Laguna sa pagsasagawa ng mga operasyon laban sa mga ilegal na tupada sa buong lalawigan ng Laguna. *(Panulat ni PEMS Joe Peter V Cabugon, RPCADU 4A)*

# Suspek sa frustrated murder arestado sa Ipil, Zamboanga Sibugay




**Ipil, Zamboanga Sibugay - Naaresto ng mga pulisya sa Zamboanga Sibugay ang isang suspek sa kasong frustrated murder nitong araw ng Martes, Marso 1, 2022.**

Kinilala ni Police Major Xyronne Caranan, Chief of Police, ang suspek na si Ernesto Abadies Rojas, 57, lalaki, may asawa, fruit vendor, residente ng Purok 3E, Barangay Balindog, Kidapawan City.

Ayon kay Police Major Caranan, bandang 11:45 ng umaga nang madakip si Rojas sa Purok Petrotex Poblacion, Ipil, Zamboanga Sibugay, ng pinagsanib na puwersa ng Ipil MPS (lead unit), 903rd MC Regional Mobile Force Battalion 9 at 2nd Police Mobile Force Company.

Ayon pa kay Police Major Caranan, ang suspek ay naaresto sa bisa ng Warrant of Arrest para sa krimeng Frustrated Murder, na may piyansa na nagkakahalagang Php200,000, na inisyu ni Hon Vicente De La Plaza, Presiding Judge, Regional Trial Court, Nine Judicial Region, Branch 36, Ipil, Zamboanga Sibugay, na may petsang Pebrero 3, 2022.

"Ang pagkakadakip sa suspek ay bahagi ng pinaigting na kampanya upang mapanagot ang mga nagkasala sa batas at mabigyang katarungan ang mga nabiktima nito", ani Police Major Caranan. *(Panulat ni Patrolman John Tumonong)*

# Php1M marijuana at mga armas nakumpiska

**Tinglayan, Kalinga - Nakumpiska ng mga pulisya ng Kalinga ang Php1,000,000 halaga ng marijuana at gamit panggiyera noong nakaraang Lunes, Pebrero 28, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Peter Tagtag Jr, Acting Provincial Director ng Kalinga Provincial Police Office, naaresto rin ang tatlong suspek na tumangkang tumakas sa Oplan Herodotus 2 o Marijuana Eradication sa Mt. Bitullayungan, Barangay Loccong, Tinglayan, Kalinga.

Kinilala ni Police Colonel Tagtag, Jr., ang tatlong suspek na sina Peter Bagtang, 22; Langao Bagtang, 70 at isang menor de edad na aktuwal na nahuling nag-aani ng mga halamang marijuana at may dala-dalang mga baril.



Ayon pa kay Police Colonel Tagtag, nakumpiska sa 500 kuwadrado na lupain ang 5,000 fully grown marijuana plants na nagkakahalaga ng Php1,000,000.

Nakumpiska pa sa mga suspek ang isang Cal. 22 SLQRLR na may 12 na bala at hindi mabasa na serial number, isang 9mm PT2417 Taurus na may serial number na TDY91625, dalawang magazines na may 21 na bala at isang 12-gauge ARMSCOR shot gun na may apat na bala at hindi mabasa na serial number.

Naging matagumpay ang nasabing eradication sa tulong ng Regional Intelligence Division, 1503rd Maneuver Company, Regional Mobile Force Battalion 15, PNP-Special Action Force, Philippine Drug Enforcement Agency-Kalinga at 50th Infantry Battalion-Philippine Army.

Patuloy na paiigtingin ng mga pulisya ng Kalinga ang kampanya laban sa ilegal na droga para lipulin ang mga tanim na marijuana sa lalawigan. *(Panulat ni PSSg Amyl Cacliong, RPCADU COR)*

# Top 2 Most Wanted Person sa Cagayan boluntaryong sumuko


**Abulug, Cagayan (February 26, 2022) - Boluntaryong sumuko ang Top 2 Most Wanted Person (Regional Level) habang nagsasagawa ang Abulug Municipal Police Station ng Simultaneous Anti-Criminality Law Enforcement Operations (SACLEO) sa Brgy. Libertad, Abulug, Cagayan noong Pebrero 26, 2022.**

Kinilala ng otoridad ang suspek na si Herbert Maguddadatu na may Warrant of Arrest para sa kasong Murder na walang inirekomendang piyansa at Frustrated Murder na may piyansang Php200,000.

Sa kasalukuyan, ang suspek ay nasa kustodiya ng Abulug Municipal Police Station (MPS) kung saan siya ay nagboluntaryong sumuko.

Samantala, tuloy-tuloy naman ang pagsisikap ng kapulisan upang mahuli na ang iba pang mga nagtatago sa batas at maiharap ang mga ito sa korte.

Patuloy din ang panawagan ng mga kapulisan sa komunidad na sila ay makiisa at tulungan sila sa kanilang adhikain na mapanatili ang kaayusan at katahimikan sa pamayanan. *(Panulat ni PSSg Mary Joy D Reyes, RPCADU2)*



# Most wanted person ng Region 12 arestado



**Lebak, Sultan Kudarat – Naaresto ang Most Wanted Person sa isinagawang Simultaneous Anti-Criminality Law Enforcement Operations (SACLEO) ng mga operatiba ng Sultan Kudarat nitong Biyernes, Marso 4, 2022.**

Kinilala ni PMaj Joel Martinez, Chief of Police ng Lebak Municipal Police Station ang naarestong suspek na si Jhon Mark Gepayo, 21, walang asawa, magsasaka, residente ng Purok Durian, Brgy. Barurao 1, Lebak, Sultan Kudarat.

Ayon kay PMaj Martinez, bandang 9:20 ng umaga naaresto ang suspek sa Lebak, Sultan Kudarat ng pinagsanib na puwersa ng Regional Intelligence Unit 12, 2nd Sultan Kudarat Provincial Mobile Force Company at ng Women and Child Protection Desk ng Lebak Municipal Police Station.

Ayon pa kay PMaj Martinez, naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest para sa kasong Rape (R.A 8353) na inilabas ni Hon. Benison Manahawan ng Regional Trial Court, 12th Judicial Region Branch 19 at walang inirekomendang piyansa.

Tiniyak naman ni PMaj Martinez na hindi titigil ang mga kapulisan ng Lebak, Sultan Kudarat sa kanilang kampanya laban sa kriminalidad upang mapanatiling payapa at ligtas ang komunidad na kanilang nasasakupan. *(Panulat ni Patrolman Khnerwin Jay A Medelin)*

# Php664K halaga ng marijuana kumpiskado sa General Santos City



**General Santos City – Mahigit 664 libong pisong halaga ng marijuana ang nakumpiska ng mga operatiba ng General Santos City sa isang suspek sa anti-illegal drug entrapment operation nitong Martes, Marso 1, 2022.**

Kinilala ni PBGen Alexander Tagum, Regional Director, Police Regional Office 12 ang suspek na si Henry Cuyno Vergara Jr., 28, residente ng Purok OD3, Barangay San Isidro, General Santos City.

Ayon kay PBGen Tagum, nakuhanan ang suspek ng marijuana na may kabuuang timbang na 5.535 kilo na may tinatayang halaga na Php664,200.

Sinabi ni PBGen Tagum, nahuli ang suspek sa Safi Labao Road, Zone 6, Brgy. Bula, General Santos City sa pinagsamang puwersa ng City Police Drug Enforcement Unit- General Santos City Police Office, Regional Drug Enforcement Unit 12, Regional Intelligence Unit 12, Police Drug Enforcement Group 12, at Philippine Drug Enforcement Agency 12 ng Cotabato Provincial Police Office.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa Section 5 at 11 ng RA 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Ayon kay PBGen Tagum, ang pagkakadakip sa suspek ay bahagi sa pinaigting na kampanya kontra ilegal na droga. *(Panulat ni Pat Khnerwin Medelin)*

# Miyembro ng CTG kusang sumuko sa Masbate PNP




**Masbate – Sumuko ng kusa ang isang miyembro ng Counter Terrorist Group (CTG) sa mga kapulisan ng Masbate noong Miyerkules, Marso 2, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Jonnel Estomo, Regional Director ng Police Regional Office 5 ang sumuko na si Marita Arriesgado Abiertas alyas "Marita", 54, balo, empleyado ng LGU (Job Order), residente ng Barangay Poblacion, Pio V. Corpus, Masbate.

Ayon pa kay Police Brigadier General Estomo, si Marita ay recruit ng isang "Ka Ruben" at "Ka Rose" sa Barangay Tawad, Esperanza, Masbate taong 2009 at naging miyembro rin ng Mass Courses ng Kanditatong Kasapi (KAKA), CTG (Non-PSR Listed), Milisya ng Bayan L2, KP4 sa ilalim ng COMPROB ni Rogelio Suson alyas "Ka Manong" na nag-ooperate sa 3rd District ng Masbate.

Dagdag pa ni Police Brigadier General Estomo, dakong 9:00 ng umaga nang sumuko ang nabanggit na miyembro ng CTG sa pinagsanib na puwersa ng Pio V. Corpus Municipal Police Station, Provincial Intelligence Unit, 2nd Provincial Mobile Force Company, Masbate Provincial Police Office, Provincial Intelligence Team-Regional Intelligence Unit 5 at IOS FIID PNP-SAF.

Nakumpirma na ang sumuko ay runner at collector ng campaign money at revolutionary taxes sa loob ng munisipalidad ng Pio V. Corpus at tagahatid ng mga suplay at suportang pinansyal sa mga rebeldeng NPA na nakabase sa Brgy. Tawad at Brgy. Baras, Esperanza, Masbate.

Hinihikayat ng Pambansang Pulisya ang mga mamamayan na huwag magpalinlang sa mga tamis na pangako ng mga rebeldeng grupo dahil ang totoong tahimik at maayos na buhay ay nasa pakikiisa at pakikipagtulungan sa gobyerno. *(Panulat ni Patrolman Prince Ruming Danao, RPCADU 5)*

# Top 1 Most Wanted Person sa Santiago City arestado




**Santiago City – Naaresto ang Top 1 Most Wanted Person sa Manhunt Charlie ng mga tauhan ng Santiago City Police Office noong Miyerkules, Marso 2, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Reynaldo Dela Cruz, City Director ng Santiago City Police Office, ang naarestong suspek na si Alyas Johnny, 24, walang asawa, residente ng Purok 1, Naggasican, Santiago City, Isabela.

Ayon kay Police Colonel Dela Cruz, bandang 11:30 ng umaga naaresto ang suspek sa Barangay Batal, Santiago City, Isabela sa pinagsanib na puwersa ng Traffic Enforcement Unit, Precinct 1 at Santiago CPO.

Ayon pa kay Police Colonel Dela Cruz, naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest para sa kasong Rape (4 counts) na inilabas ni Hon. Nicasio Brillantes Bautista lll ng Regional Trial Court, Branch 21, Santiago City at walang inirekomendang piyansa.

Tiniyak ni Police Colonel Dela Cruz na hindi titigil ang mga kapulisan ng Santiago City sa kanilang kampanya laban sa kriminalidad upang mabigyan ng payapa at ligtas na komunidad ang mga Santiagueno. *(Panulat ni PSSg Mary Joy D Reyes, RPCADU2)*

# Php800K halaga ng shabu nakumpiska sa buy-bust sa Cebu City



**Cebu City – Tinatayang mahigit walong daang libong pisong halaga ng shabu ang nakumpiska sa buy-bust operation ng pulisya ng Cebu City nito lamang Miyerkules ng gabi, Marso 2, 2022.**

Kinilala ni Police Brigadier General Roque Eduardo Vega, Regional Director, Police Regional Office 7 ang naarestong suspek na si Clinton Rhey Sypieco Belhida alyas "Ton", 25, residente ng Sitio Lahing-lahing II, Barangay Mabolo, Cebu City.

Ayon kay PBGen Vega, si Belhida ay isa sa mga High Value Individual na nahuli sa Sitio Lahing-lahing II, Barangay Mabolo, Cebu City sa pinagsanib puwersa ng City Intelligence Unit, Cebu City Police Office (CCPO) at Philippine Drug Enforcement Agency 7.

Ayon pa kay PBGen Vega, nakuha mula kay Belhida ang tinatayang 120 gramo ng shabu na may Standard Drug Price na Php816,000.

Nahaharap sa kasong paglabag sa Sections 5 at 11, Article II ng RA 9165 o ang Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Sinisiguro naman ng kapulisan ng nasabing rehiyon na mas paiigtingin pa nila ang kampanya laban sa ilegal na droga at iba pang kriminalidad. *(Panulat ni Patrolman Edmersan Llapitan)*

# Php516K shabu nasabat sa Butuan City; 3 arestado

**Butuan City - Tinatayang nasa 516,800 pisong halaga ng hinihinalang shabu ang nasabat ng PNP Caraga sa tatlong suspek sa isinilbing Search Warrant sa Butuan City nitong Biyernes, ika-4 ng Marso 2022.**

Kinilala ni Police Regional Office 13 Director, Police Brigadier General Romeo Caramat Jr. ang mga suspek na sila Marvin Caren, 25; Joel Jayme, 28 at si Ronel Encipedo, 24.

Ayon kay Police Brigadier General Caramat Jr., si Caren ay nahulihan ng labing-apat na pakete ng hinihinalang shabu na tumitimbang ng 76 na gramo na may estimated drug price na Php516,800.

Ayon pa kay Police Brigadier General Caramat Jr., nakumpiska kay Caren ang cellphones, drug paraphernalia at pera na nagkakahalaga ng Php 57,990.

Dagdag pa ni Police Brigadier General Caramat Jr., na si Jayme at Encipedo ay kapwa nahuling aktong nagsasagawa ng session sa paggamit ng ilegal na droga.

Nakumpiska sa kanila ang drug paraphernalia at dalawang (2) motorsiklo.

Dagdag pa ni Police Brigadier General Caramat Jr., na dakong 9:30 ng gabi nang nahuli ang mga suspek sa P-18B, Princess Homes 4 Subdivision, Barangay San Vicente, Butuan City sa pinagsanib puwersa ng Regional Drug Enforcement Unit 13 (RDEU), Regional Intelligence Division 13 (RID), Butuan City Police Station 1 (BCPS1), Butuan City Mobile Force Company (BCMFC) at Butuan City Police Office Criminal Investigation Unit (BCPO-CIU).

Nahaharap sila sa kasong paglabag sa Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

"Ang pagkakadakip sa mga suspek ay bahagi ng pinaigting na kampanya kontra ilegal na droga", saad ni Police Brigadier General Caramat Jr. *(Panulat ni Patrolman Jhunel D Cadapan RPCADU13)*

# Php500K halaga ng shabu nakumpiska sa Davao City; drug dealer arestado



**Davao City - Tinatayang kalahating milyong pisong halaga ng shabu ang nakumpiska ng mga operatiba ng Davao City sa isang babae sa buy-bust operation nitong Miyerkules, Marso 2, 2022.**

Kinilala ni PMaj Noel Villahermosa, Station Commander, Police Station 3-Talomo ang suspek na si Roselyn Solis, 33, alyas "Megs" na residente ng siyudad.

Ayon kay PMaj Villahermosa, nahuli ang suspek sa Km. 8.5 Matina Pangi City, Davao City ng Police Station 3-Talomo Drug Enforcement Unit sa aktong pagbebenta ng shabu.

Ayon pa kay PMaj Villahermosa, nakuha mula sa suspek ang mga sachet ng hinihinalang shabu na may tinatayang timbang na 30 gramo na nagkakahalaga ng Php500,000, buy-bust money, at iba pang non-drug at personal items.

Ang suspek ay nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Hinihikayat din ni PMaj Villahermosa ang publiko na makipagtulungan sa kanilang kampanya kontra ilegal na droga sa pamamagitan ng pagbibigay ng mahahalagang impormasyon sa ating kapulisan kaugnay sa mga ilegal na aktibidad sa kanilang komunidad.

Dagdag pa niya, hindi magsasawa ang PNP na supilin at panagutin lahat ng mga konektado sa ilegal na droga. *(Panulat ni Police Corporal Mary Metche Moraera)*

# Top 1 Most Wanted Person sa Allacapan, Cagayan arestado




**Allacapan, Cagayan – Naaresto ang Top 1 Most Wanted Person sa Manhunt Charlie ng pulisya sa Allacapan, Cagayan ngayong araw ng Martes, Marso 1, 2022.**

Kinilala ni Police Colonel Renell Sabaldica, Provincial Director ng Cagayan Provincial Police Office ang suspek na si Arnel Ramboyan Umbrero, 48, may kinakasama, residente ng Barangay Burot, Allacapan, Cagayan.

Ayon kay Police Colonel Sabaldica, bandang 12:30 ng hapon naaresto si Umbrero sa pinagsanib na puwersa ng Camalaniugan Police Station, Cagayan Provincial Intelligence Unit, 3rd Mobile Platoon Force, 2nd Cagayan Provincial Mobile Force Company, Regional Intelligence Unit 2 at Regional Group of Special Concern.

Ayon pa kay Police Colonel Sabaldica, ang suspek ay naaresto sa bisa ng Warrant of Arrest para sa kasong Act of Lasciviousness kaugnay sa RA 7610 at may piyansang Php180,000.

Ang Pambansang Pulisya ay lalong paiigtingin ang kampanya laban sa kriminalidad para sa mas tahimik at maayos na pamayanan. *(Panulat ni PCpl Carla Mae P Canapi)*

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE
PULIS SERBIS BALITA
#PNPKAKAMPIMO
Volume VI No. 09 * Pebrero 26 - Marso 4, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# “Bayanihan Panpan sa Dalan” isinagawa ng kapulisan sa Davao del Norte



**Talaingod, Davao del Norte - Malakas man ang buhos ng ulan ay hindi nagpatinag ang mga tauhan ng Revitalized-Pulis sa Barangay (R-PSB) upang ayusin ang mahirap na daan sa Sitio Kamingawan, Palma Gil, Talaingod, Davao del Norte noong Marso 1, 2022.**

Sa tulong ng mga residente ng sitio ay kanilang isinagawa ang road maintenance o ang "Bayanihan Panpan sa Dalan" upang maging maayos ang motor-trail road mula Sitio Kamingawan hanggang Sitio Indangan sa ilalim ng pangangasiwa ni PLt Vizmart Ricohermoso, Team Leader.

Ang kalagayang tulad nito ay ilan lamang sa mga nararanasan ng mga residente sa Geographically Isolated and Disadvantaged Areas o GIDAS lalo na sa tuwing umuulan sapagkat ang mga daan rito ay hindi pa kongkreto.

Layunin ng ating kapulisan na mas mapabuti ang kalsadang dinadaanan ng mga motorista sa nasabing lugar na talaga namang napakaimportante sa kanilang pang araw-araw na pamumuhay. Dagdag pa rito ay upang mabigyan at maipaabot ang mahahalagang serbisyo ng gobyerno lalong lalo na para sa mga kapatid nating katutubo. *(Panulat ni Pat Rose Ann M Delmita RPCADU 11)*

# Community Outreach Program isinagawa ng Iligan PNP



**Iligan City, Lanao del Norte – Nagsagawa ng community outreach program ang Iligan City Police Station sa Brgy. Upper Tominobo, Iligan City, nito lamang Huwebes, Marso 3, 2022.**

Ito ay dinaluhan ni Police Brigadier General Benjamin Acorda Jr, Regional Director, PRO 10 kasama ang kanyang asawa na si Mrs Olivia Acorda upang pangunahan ang outreach program kaugnay ng National Women's Month Celebration.

Namahagi ang naturang istasyon ng 180 pares ng tsinelas at 150 pirasong iba't ibang gamit pang-eskwela.

96 bata naman ang naging benepisyaryo sa ginanap na libreng tuli.

Nagkaroon din ng magic show; feeding program; pamimigay ng laruan, kendi, tinapay at sorbetes, libreng medical check-up at libreng gamot.

Naging matagumpay ang nasabing aktibidad sa pamumuno ni Police Lieutenant Nera C Cabrera, Assistant Chief, Women's and Children Protection Desk, kasama ang Philippine Army; City Health Office-Iligan City; Inner Wheel Iligan; Colegio de Iligan; St. Michaels College; PILMICO at Save the Children Foundation-Iligan.

Pinasalamatan din ni Police Brigadier General Acorda ang walang sawang pagsuporta ng iba't ibang stakeholders sa mga programa ng Pambansang Pulisya.

Ang pagsasagawa ng ganitong uri ng aktibidad ay isang paraan ng kapulisan ng Iligan na paigtingin ang ugnayan sa pamayanan na kanilang nasasakupan. *(Panulat ni Police Staff Sergeant Grace Neville L Ortiz)*

# Lalaking nakuryente sinagip sa Baler, Aurora



**Baler, Aurora - Rumesponde ang mga kapulisan ng Baler sa isang insidente ng pagkakuryente sa Brgy. Suklayin, Baler, Aurora nitong Martes, Marso 1, 2022.**

Ayon kay Police Major Dennis Balbuenasa, Chief of Police ng Baler Municipal Police Station, ang biktima ay kinilalang si Christopher Dumasig alyas “Bong”, 54, residente ng Barangay 3, San Luis, Aurora.

Ayon pa kay Police Major Balbuenasa, umakyat umano ang biktima sa isang ginagawang gusali upang tignan ang bubong at ayusin ito ngunit aksidente niyang naapakan ang kable ng kuryente na sanhi ng kanyang pagkakuryente.

Dagdag pa nito, nagtungo at humingi ng tulong ang foreman na si Mr. Daniel Roque sa Police Station at agaran namang umaksyon ang ating kapulisan.

Sa tulong ng Bureau of Fire Protection at MDRRMO-Baler ay matagumpay itong naibaba at binigyan ng paunang lunas bago itinakbo sa Premiere General Hospital.

Nagtamo ng mga paltos at paso sa katawan ang nasabing biktima at kasalukuyang nagpapagaling sa ospital.

Ang kapulisan ng Gitnang Luzon ay patuloy na nagbibigay ng tulong at serbisyo sa lahat ng mamamayan sa kanilang nasasakupan. *(Panulat ni PCpl Maria Elena S Delos Santos)*

# Kaarawan ng retiradong pulis pinagdiwang ng 1st Eastern Samar PMFC

**Dolores, Eastern Samar (February 27, 2022) – Ipinagdiwang ng Police Community Affairs Section Team ng 1st Eastern Samar PMFC ang kaarawan ng isang retiradong pulis na si Sir Alfredo Dances sa Dolores, Eastern Samar noong Pebrero 27, 2022.**

Ito ay pinangunahan ni PLt Angelyn Glou Cortado, Admin/PCAS Officer at PLtCol Joy Leanza, Force Commander.

Si Sir Dances ay nabulag dahil sa stroke noong Hunyo 2019. Kasama ang kanyang asawa at PCAS team, kinantahan siya ng natal song at binigyan ng birthday cake bilang pagbati at pagkilala sa serbisyong ginawa niya sa PNP at sa unit kung saan siya minsan ay nagsilbi bilang First Sergeant.

Ito ay simpleng paraan ng nasabing tanggapan ng pagpapahayag sa kanya na siya ay pinarangalan at inaalala lalo na sa kanyang espesyal na araw. *(Panulat ni Patrolwoman Rialyn Valdez)*

